# Balangkas ng Rebisyon ng mgaAlituntuninsaPagsusulong ng Multikulturalna Lipunan sa Hyogo

## 1 Layuninng Rebisyon ng mgaAlituntunin

Habangdumarami ang bilang ng mgadayuhangresidentesaPrepekturanadumarami din ang nasyonalidad, tumataas ang kahalagahan ng mga foreign human resources saindustriya ng Prepektura, at habangnakatuonsapagtataguyod ng multikulturalismo para maiugnay ang rebitilasyon ng lugar, ang “Balangtas ng Rebisyon ng mgaAlituntuninsaPagsusulong ng Multikulturalna Lipunan ng Hyogo” (BinuonoongMarso 2016) ay irerebisa ang mgaalituntunin para sasusunodna 5 taonbataysamgapagsusuri at mgapagbabagosasitwasyon ng sosyo-ekonomiko.

<PagbabagosaSitwasyon ng Sosyo-ekonomiko at iba pa>

- Dahil sadumarami ang kabuuangbilang ng mgadayuhangresidente ng Prepektura, nagigingprogresibo ang multikulturalismo / desentralisasyon
- Ang “Batas sa Immigration Control at Refugee Recognition” ay binago, at itinatag ang bagong status of residence na “Specified Skilled Worker”
- Pagpapatupad ng “Batas saPagsusulong ng EdukasyonsaWikangHapon” salayuningmapahusay ang pangkalahatangpagtuturo ng wikangHapon
- Ang Ministry of Internal Affairs and Communications ay renebisa ang “Plano UkolsaMultukulturalismo ng Lokal naAntas” (renebisaalinsunodsaalituntunin ng SDGs)
- Dahil sapagkalat ng impeksyonsa Covid-19 ang nakapaligidnakonseptosamultikulturalismo ay nagbago

## 2 PangkalahatangSitwasyonng mgaDayuhan

**(1) Bilang ng mgadayuhangresidentesaloob ng Prepektura**

①Kasalukuyangkalakaran

Simula ng maitala ang kabuuangbilangna 96,530 sapagtatapos ng taong 2014 ( hulingkwentanaginamitnoonghulingpagtatag ng mganakaraangalituntunin), ang kabuuangbilang ng mgadayuhangresidente ay nagsimulangdumaminaumabotsa 115,681 katao (pang-7 sabuongbansa). Sa loob ng 5 taon ay nadagdagan ng 19,151 katao (19.8%)

②Ayon saNasyonalidad / Rehiyon ( 2014→2019 )


Sa pagtatapos ng taong 2019 ay maihahanay ng ayonsasumusunod: South/North Korean 41,206 katao (ang pinakamataas), sumunod ang Intsik/Taiwanese na 26,821 katao, nasinusundan ng Vietnamese na 21, 870 katao.

Kung ikukumpara ang bilangsapagtatapos ng taong 2014, nadagdagan ang Vietnamese ng 15,290 katao (232.4%)

Ang bilang ng mganasyonalidad ay tumaasmula 141 namgabansasapagtatapos ng taong 2014 hanggang 157 namgabansasapagtatapos ng taong 2019.

③Ayon saRehiyonsaloob ng Prepektura (2014-2019)

Sa pagtatapos ng taon 2019 ay ang rehiyon ng Kobe ang nakapagtala ng malakingbilangnanasa 50,155 katao, habang ang rehiyon ng Kita-Harima ang nakapagtala ng pinakamataasnaproporsyon ng pagdagdagnanasa 93.1%. Ang Tajima / Tamba / Awaji ay nadagdagan din ng mahigitsa 50%.




Hulingkwentanaginamitnoonghulingpagtatag ng mganakaraangalituntunin↑

(Mulasa : Ministry of Justice “Foreign Resident Statistics”)


**(2) Mga DayuhangManggagawa**

①Kasalakuyangkalakaran

Parehongtumaas ang bilang ng mgadayuhangmanggagawa at kumpanyangkumukuha ng mgadayuhangmanggagawasaloob ng Prepektura. Noongtaong 2014 ay may 4,036 nakumpanyahabang may 17,614 katao, noongtaong 2019 ay naging 7,275 nakumpanyana may 41,083 katao

②Ayon saNasyonalidad/Rehiyon (2014→2019)

Noongtaong 2019 ay Vietnamese ang pinakamaraminanasa17,207 katao, sumunod ang Intsiknanasa 9,582 katao,Filipino ang sumunodnanasa 3,094 katao. Kung ikukumparanoongtaong 2014 ay nadagdaganangVietnamese ng 14,877 katao




Mulasa：Hyogo Labor Bureau “Ang Sitwasyon ng Empleyo ng mgaDayuhan）


**(3) DayuhangInternasyonalnaEstudyante**

①Kasalukuyangkalakaran

Ang kabuuangbilang ng dayuhang internasyonalnaestudyantenoong 2014 ay 4,662 kataonanaging 7,058 noongtaong 2019.

②Ayon saNasyonalidad (2014→2019)

Noongtaong 2019 ay mgaIntsik ang pinakamaraminanasa 3,065 katao, sinundan ng Vietnamese nanasa 2,065 katao, ang Korean ay 424 katao, Nepal ay 228 katao. Kung ikukumparanoongtaong 2014, ang Vietnamese ay nagdagdag ng 1,786 katao.




(Mulasa:The Hyogo Regional Council for the Promotion of International Student Exchange's "Enrollment Status Survey on International Students in Hyogo Prefecture")

## 3 Mga IsyusaPagbabago ng SitwasyonsaSosyo-ekonomiko

(Mga isyubataysapakikinig at iba pa saresulta ng talatatanungan ng survey samgadayuhangresidente ng Prepektura, organisasyon ng mgadayuhan, munisipalidadsaloob ng Prepektura.)

### ① PagtugonsaMultinasyonalisasyon / Desentralisasyon

- Ang bilang ng mgadayuhangresidentesaPrepektura ng Hyogo ay dumaraminanagigingmultinasyonal ang kalakaran, nasakasalukuyan ay progresibo ang desentralisasyonsarehiyon. Mataposmaunawaan ang sitwasyon ng mgadayuhangresidente ng Prepektura ay kinakailanganglumikha ng kapaligirangnababagaysaaktwalnasitwasyon ng bawatlugar.
- Habangumuusad ang rehiyonalnadesentralisasyon ng mgadayuhangresidente ng Prepektura, kinakailanganglumikha ng kapaligiransamaaaringmatanggapnaserbisyongmedikalsabawatlugar ng Prepektura ng mgadayuhangresidente ng Prepektura para magkaroon ng kapayapaan ang isip.
- Sa mgalugar kung saandumarami ang mgadayuhangresidente ng Prepektura ay kinakailangangtaasan ang kaalaman/pang-unawa ng mgalokalnaresidenteukolsamultikulturalismo.

### ② May KatiyakangOportunidadsaEdukasyon

- Dahil dumarami ang bilang ng mgadayuhangbatang mag-aaral, kinakailangannapahusayin ang kapaligiran para maunawaanglubos ang pinag-aaralansapaaralan at magingmatatag ang kakayahang pang-akademiko para sapansarilingpagsulong at pagsasakatuparan ng karera.
- Ang “Batas UkolsaPagsusulong ng EdukasyonsaWikangHapon” ay ipinatutupad, kinakailangangmapahusay ang sistemasamgapagkakataonnamatuto ng wikangHapon ang mgaparslit / bata / estudyante / dayuhanginternasyonalnaestudyante / empleyado at iba pa samalapitsapinamumuhayanglugar.

### ③ Kahalagahan ng Foreign Human Resources saIndustriya ng Prepektura

- Mulasaaspetongmapanatili ang pag-unlad ng ekonomiyasaloob ng Prepektura, kinakailangannamalaman ang aktwalnasitwasyon ng mga foreign human resources para mapabuti ang kapaligiran at suportasapagtatrabaho.
- Kinakailangan ang paglikha ng kapaligirannamaghihikayatsamga foreign human resources nakomonektasakomunidad at sosyedad ng lugar para mahikayat ang bawa't-isa namagtulungan.

### ④ PagtugonsaSakuna / Impeksyon

- Pagpapalakas ng pagpapalaganap ng impormasyonsaiba't-ibangwika at bilangkaragdagansapagpapahusay ng korner ng konsultasyon para samgadayuhan ay kinakailangan ang pagsusulong ng pagpupursigeukolsamultikulturalismonatutugonsabagongestilo ng pamumuhay (Hyogo Style).

## 4 PuntiryangAnyo/Isyu/ImageDiagramngPagpupursige

**1Puntiryang Anyo**

Para salayunin ng pagsusulongsapag-unlad ng rehiyon, sasamantalahin ang global napagkakaiba-iba (diversity), pagsasakatuparan ng multikulturalnalipunansa Hyogo na ang mgamamamayan ng Prepektura ay konektadodahilsasaganasapagsasama-sama (inclusion) naaktibonggumaganap ng mgatungkulin ng sama-sama.

**2Isyu**

**Mga IsyungNakapaligidsamgaDayuhangResidente ng PrepekturadahilsamgaPagbabagosaSitwasyon ng Sosyo-ekonomiko**

- (1)Pagtugonsa Multinasyonalisasyon / Desentralisasyon
- (2)Kasiguraduhan ng mgaPagkakataon saEdukasyon
- (3)Kahalagahan ng Foreign Human Resources sa Industriyasaloob ng Prepektura
- (4)Pagtugonsa Sakuna / Impeksyon

**3Entidad ng Pagsusulong**

Prepektura,munisipalidad, lokalnaahensya ng pamahalaan, mga international exchange association ng Prepektura, mga international association ng munisipalidad, komunidad ng mgadayuhan, sumusuportang organisasyonsamgadayuhan, korporasyon, institusyonsaedukasyon, mgaorganisasyonsalokalnakomunidad

Makipagtulungansamga network para mapalawak ang mgapagpupursige.

**4Pagpupursige**

**(1) PangunahingPanukala**

- ①Paggalangsa Karapatang-pantao ng mgaDayuhang Residente ng Prep.
- ②Pagsusulong ng Pakikilahok ng mga DayuhangResidentesa LokalnaKomunidad
- ③Garantiyasa OportunidadsaEdukasyon ng mgaDayuhangBatangEstudyante
- ④Pagpapahusay ng Sistema sa Medical Interpretation
- ⑤ PagsusulongsaPagpapahusay ng Sistema saPagtugonsamgaSakuna / Impeksyon

**(2) KomprehensibongPagpupursige**

**①Paglikha ng Kamalayan UkolsaMultikulturalismo**
- Pagpapalaganap at Pagpapaliwanag ng Kahalagahan ng Multikulturalismo
- Paglikha ng Kapaligiran at Pagpapalaganap ng ImpormasyonayonsaAktwalna Sitwasyon ng Lugar.

**②PagpapaunladsaPagbuo ng mgaTaong may Kakayahansa Pag-unawa at Pagganap ng mgaTungkulinsa may Iba't-ibangKultura**
- PagsusulongsaEdukasyon ng WikangHapon / SarilingWika ng mgaDayuhangBatangEstudyante
- Pagtatag ng Sistema ng PagtanggapsaPaaralan at Pagsiguro ng mgaOportunidadsa Pag-aaral
- Pagtatag ng Sistema saPagtanggap ng mga Foreign International Students/Human Resources saPangangalakal
- Pagpapaunlad ng Talino ng mga Global Human Resources namulasa Hyogo at Pagsusulong ng Regional Exchanges

**③Paglikha ng Batayan para MaayosnaMakapamuhay at Makapagtrabaho**
- Pagbibigay ng ImpormasyonsaIba't-ibangWika
- Pagpapahusaysa Sistema ng KonsultasyonsaIba't-ibangWika
- Suportasa Pag-aaral ng WikangHapon at Kultura / Kaugalian
- Pagsasaayos ng InprastrakturasaSerbisyo ng Medikal / Kalusugan/ Welfare
- Pagsasaayos ng Inprastrakturasa Sistema ng Pabahay
- Pagpapahusay ng ImprastakturasaSuportasaTrabaho at Empleyo.
- Pagpapataas ng Kamalayansa Pag-iwassaSakuna at Pagtatag ng Sistema ng Suporta kung SakalingMagkaroon ng Sakuna
- Pagpapataas ng Kamalayansa Pag-iwassaImpeksyon at Paglikha ng Sistema saPagtugonsaImpeksyon

**④Paglikha ng Masayang Komunidadna Kahit Sino ay MaaaringMakilahok**
- Pagsusulong ng Pakikilahok ng mgaDayuhangResidentesamgaLokalnaAktibidad
- PagpapaunladsaKakayahan ng mga Foreign Human Resources para saPagsusulong ng Multikulturalismo

## 5 5naPangunahingPanukala

Bataysamgapagbabagosasitwasyon ng sosyo-ekonomiko, ang sumusunodna 5 napangunahingpanukala ay itatakda, at ang mgapagpupursige ay isusulonghabanglumilikha ng mgakomprehensibonghakbangsapakikipagtulungansa lahat nang may kaugnayangpartido.

| | |
|---|---|
| ① PaggalangsaKarapatang-pantao ng mgaDayuhangResidente ng Prepektura | Habanglumalalim ang pagkakaunawaan ng isa't-isa sapamamagitan ng exchanges sapamumuhay/ kultura / sports at iba pa, nananatili pa rin ang mgasalita at gawana may diskriminasyonlabansamgadayuhangresidente ng Prepektura, nangyayari pa rin ang mgaproblematulad ng hate speech. Kaya layuninnamaisakatuparan ang multikulturalnalipunannamauunawaan ang kasaysayan ng bawa't-isa, kikilalanin ang pagkakaiba ng nasyonalidadsaetnisidad, at igagalang ang karapatangpantao ng mgadayuhangresidente ng Prepektura. |
| ②Pagsusulong ng Pakikilahok ng mgaDayuhangResidentesaLokalnaKomunidad | Upangmakapagtatag ng mgalugar ng pagsasamasamasaiba't-ibangrehiyonsaloob ng Prepektura, nalugarsapakikipagpalitan ng opinyonnamagbibigaydaansapakikipagtulungansapagitan ng mganegosyante, mganangangasiwangorganisasyon, mgaahensya ng gobyerno, lokalnakomunidad, at iba pa, ang mgakoneksyon at exchanges ng mgataongnakapaligidsadayuhangresidente ng Prepekturakabilangna ang bagongdumaramingbilang ng foreign human resources, lumikha ng kapaligirannananghihikayatsapagtutulungan at pagsusulong ng mgalugar ng may inklusyon.<br>At sakasapagtatrabaho ng dayuhan ay isusulong ang mgahakbang para matiyaknawasto ang kondisyonsapagtatrabaho, matiyak ang kaligtasan at kalusugan, at malalapatan ng seguro at iba pa. |
| ③ GarantiyasaOportunidadsaEdukasyon ng mgaDayuhangBatang Estudyante | Upangmasuportahannamakapag-aralsanaisna Senior High School at unibersidad para sapansarilingpagsulong ang mgadayuhangestudyante, samgapaaralan ay isusulong ang pagtatatag ng tuloy-tuloynasistemasapagtuturo / sistema ng konsultasyon para sapag-aaral ng mgasalitanggamitsapag-aaral at mapanatili ang kakayahang pang-akademiko. Bilangkaragdagan, isusulong din ang pagpili ng mgaespesyalnakota para samgadayuhansa Senior High School saiba't-ibanglugar ng Prepektura. At sakapapahusayin ang pagsasanay ng mgatagapamahala, guro at mgakawaniukolsamultikulturalismo.<br>Bilangkaragdagansapagtataguyod ng mgapagpupursigenalumikha ng mgalugar kung saanmaaaringmakatanggap ng tulongukolsaedukasyon ang mgadayuhangbatangestudyante, susuportahan ang pagpapahusay ng edukasyonsawikangHaponsalokalnakomunidad at edukasyonsasarilingwikasadayuhangkomunidad. |
| ④Pagpapahusaysa Sistema sa Medical Interpretation | Para mapahusay ang kombenyensya ng mgainstitusyongmedikal, ang tungkolsapagpapahusay ng kapaligiran kung saan ang mgadayuhan ay maaaringtumanggap ng serbisyongmedikalna may kapayapaan ang isip ay ipagpapatuloy ang mgapagpupursige para matiyak ang kinakailangangsistemasa medical interpretation.<br>Bilangkaragdagan, upangmaisulong ang pagpapahusay ng kapaligiran kung saan ang mgadayuhan ay maaaringtumanggap ng serbisyongmedikalna may kapayapaan ang isip, masusingipakalat ang impormasyon at paghusayin pa ang mgasistemanamagigingbatayanupang ang mgainstitusyongmedikal at iba pa ay gumanap ng angkopayonsakanilangtungkulin. |
| ⑤ PagsusulongsaPagpapahusay ng Sistema saPagtugonsamgaSakuna / Impeksyon | Pagsusulong ng pagpapakalat ng administratibongimpormasyonsaiba't-ibangwika at "madalingmaintindihannawikangHapon"atpakikipagtulungansamgakomer ng konsultasyon para samgadayuhan. Gayundin ang pagsusulong ng pagpupursigeukolsamultikulturalismonatutugonsabagongestilo ng pamumuhay (Hyogo Style). Kung sakalingmagkaroon naman ng malakingsakuna ay magtatatag ng center nasuportasaiba't-ibangwika (tagengoshiensenta) at iba pa, Isusulong ang pagtatatag ng Sistema namabisangmakapaghahatid ng mgaimpormasyonsamgadayuhan. |

# 6 Sistema ng Pagpupursige sa Pakikipag-ugnayan

Para sa layuning higit pang mapaunlad ang rehiyong ito, sasamantalahin ang pandaigdigang pagkakaiba-iba (kaibhan ng bawat isa), isasakatuparan ang isang multikultural na lipunan na hihikayat sa mga residente ng Prepektura na makihalubilo upang kumonekta sa bawa't-isa dito sa Hyogo.

## Pangunahing Hakbang

### 1 Paglikha ng Multikultural na Kamalayan

**(1) Pagpapalaganap ng Kahalagahan ng Multikulturalismo**

① Magdaos ng mga sesyon sa pagsasanay para sa mga lokal na residente, kumpanya, mga NGO at iba pa.
② Pagtukoy sa kalakarang may kaugnayan sa mulrikulturalismo sa pamamagitan ng paggamit ng tanggapan sa ibang bansa ng Prepektura at iba pa.
③ Pagsusulong ng edukasyon na layon ang multikulturalismo
④ Pagsubaybay sa may diskriminasyong posts sa internet na may kaugnayan sa hate speech at iba pa.

**(2) Paglikha ng kapaligiran at pagpalaganap ng impormasyon na ayon sa mga**

① Pagpapatupad sa paggamit ng awtomatikong voice translator machine at pagpapadala ng boluntaryong interpreter para maisulong ang two-way na komunikasyon.
② Paglikha ng multikultural na kamalayan sa pamamagitan ng two-way na komunikasyon.
③ Pakikibahagi ng mga impormasyon ukol sa pagpupursige ng mga naging modelong lugar na mabilis ang pagdami ng mga naninirahang dayuhang residente.
④ Pagsusulong ng paglikha ng kapaligiran para sa multikulturalismo sa buong Prepektura.

### 2 Pagpapaunlad sa mga taong maaaring aktibong gumanap na may kakayahang

**(1) Pagsusulong ng edukasyon sa wikang Hapon / sariling wika ng mga dayuhang**

① Pagpapabuti ng itinuturong wikang Hapon sa paaralan at magtakda ng mga pagsasanay at iba pa sa mga guro at kawani
② Pagsasagawa ng praktikal na pananaliksik sa pagtuturo ng wikang Hapon at multikultural na edukasyon na epektibo sa elementarya at junior high school.
③ Pagtuturo ng wikang Hapon sa pamamagitan ng "espesyal na kurikulum sa edukasyon".
④ Pagpapadala ng kawani na susuporta sa pagtuturo ng wikang Hapon upang mapahusay ang kakayahan sa wikang Hapon.
⑤ Pagsuporta sa pagpapalaganap ng impormasyon ng mga nagsasagawa ng edukasyon ng sariling wika at kultura ng sariling bansa.
⑥ Pagsusulong ng paglikha ng lugar na gaganap ng katungkulan sa pang-araw-araw na pamumuhay at kikilos bilang safety net.
⑦ Pagpapahusay ng edukasyon sa wikang Hapon sa pang-lokal na antas.

**(2) Pagpapabuti ng sistema ng pagtanggap sa paaralan / pagsigurado sa pagkakataon na makapag-aral**

① Pagpapadala ng " Multikultural na Tagasuporta sa mga Bata " sa mga dayuhang batang estudyante na nangangailangan na maturuan ng wikang Hapon.
② Pagsuporta sa pagpasok sa paaralan ng mga dayuhang batang estudyante, pagbibigay ng impormasyon ukol sa gabay sa karera at magtuturo sa wikang Hapon,/ pagpapatupad ng konsultasyon sa edukasyon.
③ Pagpapahusay ng suporta na ibinibigay ng "Coordinator sa Multikultural na mga Bata" tulad ng pagpapayo ukol sa karera, pagpapayo ukol sa pag-aaral, pagpapakilala ng mga grupong maaaring sumuporta, at iba pa.
④ Pagsasagawa ng mga pagsasanay sa mga guro at kawani gamit ang "Handbook para sa Pagtanggap ng mga Dayuhang Batang Estudyante ".
⑤ Pagsusulong ng pagpatupad sa espesyal na pagpili ng kota (tokubetsu-waku senbatsu) sa Pang-Prepektural na Senior High School upang suportahan ang pag-aaral matapos makapagpatala.
⑥ Pagpapahusay ng pang-gabing Junior High School na maaaring makapag-aral ang mga dayuhang estudyante at iba pa.
⑦ Pagsuporta sa mga estudyanteng nahihirapan na pumasok sa paaralan sa kadahilanang pampinansiyal.
⑧ Pagsuporta sa pagpapatakbo ng mga paaralan para sa mga dayuhan, pagsuporta sa mga aktibidad ng pakikisalamuha sa mga lokal na residente.

**(3) Pagtatatag ng sistema sa pagtanggap ng mga Internasyonal na Estudyante / mga Human Resources sa Pangangalakal**

① Pagsusulong sa pagtanggap ng mga internasyonal na estudyante sa mga Pang-Prepektural na unibersidad sa pamamagitan ng pagsusulit at iba pa sa pagpili ng mga dayuhang estudyante.
② Pagsuporta sa mga aktibidad sa pag-aaral ng mga internasyonal na estudyante sa pamamagitan ng scholarship at iba pa.
③ Pagsusulong na makapagtrabaho ang mga dayuhang internasyonal na estudyante sa mga kumpanya na nasa loob ng Prepektura.
④ Pagsusulong ng mga pagsisikap na makaakit ng kumpanya ng ibang bansa / kaakibat na dayuhang kumpanya at mataas na antas ng mga foreign human resources.
⑤ Pagsuporta sa paggamit ng may mataas na antas na foreign human resources sa kumpanya na nasa loob ng Prepektura.

**(4) Pagpapaunlad ng mga taong may pang-global na dunong mula sa Hyogo at pagsusulong ng pakikisalamuha sa**

① Pangangalagaan ang motibasyon at saloobin upang maunawaan ang iba't-ibang kultura sa kapaligiran ng paaralan.
② Pagpapahusay ng kakayahan sa lengguwahe at komunikasyon ng mga batang estudyante sa pamamagitan ng tulong mula sa "Assistant Language Teachers (ALT)".
③ Pagpapahusay sa pagsibol ng mga human resources na maaaring makakuha ng pang-internasyonal na kamalayan at maayos na pakikipag-komunikasyon sa pamamagitan ng international exchanges.
④ Pagsusulong ng mga katutubong pakikipagpalitan sa pamamagitan ng pagpapadala ng delegasyon na mga residente ng Prepektura sa mga kaibigang estadong probinsiya.
⑤ Pagsusulong sa paglikha ng multikultural na lipunan ayon sa perspektibo ng ibang bansa.
⑥ Pagpapahusay sa saklaw na lektura sa Ingles na makukuha sa pang-Prepektural na unibersidad at pagsusulong ng pakikisalamuha sa dayuhang internasyonal na estudyante.
⑦ Paglikha ng oportunidad sa pakikipagpalitan ng impormasyon sa kumpanya ng ibang bansa / kaakibat na dayuhang kumpanya para maisulong ang pang-unawa ng mga estudyante sa global na kalakalan.
⑧ Paglinang ng mga global human resources na maaaring gampanan ang tungkulin sa industriya ng turismo sa Prepektura.

### 3 Paglikha ng Batayan sa Pamumuhay para Maayos na Makapamuhay at Makapagtrabaho.

**(1) Pagbibigay ng mga Impormasyon sa Iba't-ibang Wika**

① Pagpapahusay sa pagbibigay ng administratibong impormasyon / impormasyon sa pamumuhay na nasa iba't-ibang wika at "madaling maintindihan na wikang Hapon".
② Pagpapahusay sa pagbibigay ng impormasyon sa SNS na nasa iba't-ibang wika.
③ Pagsusulong ng two-way na komunikasyon gamit ang awtomatikong voice translator machine.
④ Pagsusulong sa "madaling maintindihan na wikang Hapon" sa pagbibigay ng impormasyon.
⑤ Pagbibigay impormasyon na ipinapalaganap sa madaling maintindihan na notasyon.

**(2) Pagpapahusay ng Sistema ng Konsultasyon sa Iba't-ibang Wika**

① Pagpapahusay ng impormasyon sa iba't-ibang wika para matugunan ang mga hamon na kinakaharap ng mga dayuhang residente ng Prepektura.
② Pagsuporta sa naglalaan ng espasyong lugar sa mga naninirahang dayuhang residente na komunidad ng mga dayuhan at organisasyon na sumusuporta sa mga dayuhan.
③ Pagsusulong ng paglikha at pagpapahusay ng mga sistema ng konsultasyon sa munisipalidad, at iba pa.
④ Pagsusulong ng paglikha at pagpapahusay ng pagbibigay impormasyon sa pagitan ng pakikipagtulungan ng tanggapan ng konsultasyon ng international associations ng rehiyon, NPO, NGO at iba pa.
⑤ Pagsusulong na maipalaganap sa buong Prepektura ang ginagamit na voice translator machine ng lokal na lugar sa pagpupursige na matugunan ang konsultasyon.

**(3) Suporta na Mapag-aralan ang Ukol sa Wika at Kultura ng Hapon / Kaugalian**

① Pagsusulong ng pagbibigay ng mga pagkakataon na mapag-aralan ang ukol sa wika at kultura ng Hapon / kaugalian.
② Paglikha ng mga modelong proyekto sa bawat lugar ng Prepektura para makapagtatag ng sistema na magbibigay-daan para matuto ng wikang Hapon na magagamit sa pang-araw-araw na pamumuhay.
③ Pagbuo ng mga materyales ukol sa wika at kultura ng Hapon / kaugalian.
④ Paghikayat sa mga dayuhang nakatira sa Prepektura na makilahok sa lipunan sa pamamagitan ng Japanese language classes.
⑤ Pagsuporta sa mga lokal na Japanese language classes.
⑥ Paglinang sa tagapagturo ng wikang Hapon, coordinator, at boluntaryo.

**(4) Pagsasaayos ng Kapaligiran sa Pagbibigay ng Impormasyon Ukol sa mga Serbisyong Medikal / Kalusugan / Welfare**

① Pagsuporta na mapaunlad ang sistema para ang mga institusyong medikal at iba pa na nagsisilbing base ay magampanan nang angkop ang tungkulin.
② Pagsuri sa posibleng paggamit ng ICT para makapagtatag ng sistema sa medikal na interpretasyon.
③ Pagsusulong sa pagkilala sa mga sistema ng pagbibigay impormasyon ukol sa medikal na pasilidad na maaaring tumugon sa iba't-ibang wika.
④ Pagkilala ng ukol sa Sistema ng Social Welfare ng Japan
⑤ Pagsusulong ng pagbibigay impormasyon sa iba't-ibang wika ng ukol sa proseso at nilalaman ng serbisyo sa welfare at pagpapalaki ng anak.

**(5) Pagsasaayos ng Kapaligiran Para sa Seguridad sa Pabahay**

① Pagsusulong ng mga hakbang para sa agarang pakikipag-ugnayan sa Legal Affairs Bureau at iba pang may kaugnayan na organisasyon kapag naharap sa posibleng paglabag sa karapatang pantao gaya ng tinanggihan na makapag-access ng pabahay.
② Pagsusulong sa pagbibigay impormasyon ukol sa mga paupahang bahay na hindi tumatangging patirahin ang mga dayuhan para sa katiyakan ng matatag na pamumuhay.
③ Pagpapataas ng kamalayan sa karapatang pantao at multikulturalismo para malutas ang mga pagtanggi sa pagpatira dahil lamang sa rason na isang dayuhan.
④ Pagsuporta sa mga pagpupursige ng mga modelong lugar sa pagbibigay impormasyon at iba pa ukol sa mga alituntunin sa pamumuhay /kaugalian at iba pa at pagpapakalat sa buong lugar ng Prepektura.

**(6) Mapahusay ang Pagbibigay Tulong at Imprastraktura sa Trabaho at Empleyo**

① Pagtataguyod ng pagtatrabaho ng mga dayuhan sa pamamagitan ng pagpapahusay ng mga serbisyo sa konsultasyon ng mga korporasyon.
② Pagsusulong ng pakikipagtulungan sa pagitan ng mga kumpanya, lokal na komunidad, at pamahalaan para maoptimisa ang sistema ng pagsasanay ng mga Technical Intern.
③ Pagpapataas ng kamalayan ng mga kumpanya na nag-eempleyo at iba pa.
④ Pagsusulong ng ligtas, matatag at naaangkop na trabaho sa pakikipagtulungan ng Labor Standards Inspection Office, at iba pa.
⑤ Paghiling sa nasyonal na pamahalaan na lumikha ng maayos na sistema para sa pagpapapasok ng mga foreign human resources.
⑥ Pagsuporta sa empleyo at pagpapahusay ng kakayahan sa pakikipagtulungan sa Public Employment Security Office at iba pa.
⑦ Pagsusulong na mapabuti ang mga programa sa edukasyon ng wikang Hapon na kinakailangan sa pagtatrabaho.
⑧ Pagsuporta sa mga programa ukol sa internship para sa mga dayuhang internasyonal na estudyante kung saan sila inilalagay na kumpanyang nasa loob ng Prepektura.

**(7) Pagpapataas ng Kamalayan sa Pag-iwas sa mga Sakuna at Pagtatatag ng Sistema sa Pagsuporta kung sakaling magkaroon**

① Pagsusulong ng mga pagpupursige sa pakikipag-ugnayan sa mga may kaugnayang departamento ng munisipyo at mga lokal na organisasyon ng komunidad upang masubaybayan ang bilang ng mga dayuhang residente para makapagbahagi ng impormasyon sa normal na panahon.
② Pagsasagawa ng pagsasanay sa pag-iwas sa mga sakuna para sa mga dayuhan at mga pagsuportang pagsasanay kung sakaling magkaroon ng sakuna.
③ Pagsusulong sa paggamit ng mga sistema na nagpapadala ng impormasyon sa iba't-ibang wika ukol sa sakuna at pang-emerhensiya.
④ Pagtatatag ng isang multilingual support center kung sakaling magkaroon ng malaking sakuna.
⑤ Pagbibigay ng mga impormasyon ukol sa sakuna at iba pa sa iba't-ibang wika at "madaling maintindihan na wikang Hapon".
⑥ Pagsusulong sa pagbuo ng sistema na may kaugnayan sa paghahatid ng impormasyon, pagkumpirma ng kaligtasan, at mga aktibidad ng pagsuporta kung sakaling magkaroon ng sakuna.
⑦ Pagpapahusay ng suporta gaya ng pagbuo ng magagamit sa pagsuporta sa komunikasyon sa evacuation centers at pagpapakilala ng awtomatikong voice translator machine.

**(8) Pagpapataas ng Kamalayan sa Pag-iwas sa Nakakahawang Sakit at Paglikha ng Sistema upang Makapagtugon sa Nakakahawang Sakit.**

① Pagbibigay ng impormasyon sa iba't-ibang wika at "madaling maintindihan na wikang Hapon" ng ukol sa pag-iwas sa nakakahawang sakit.
② Pagsubaybay sa mga diskriminasyon na nasusulat sa internet at iba pa upang mapigilan ang mga apekto nito.
③ Pagsusulong ng mga multikulturalismong inisyatibo ng komunidad ng mga dayuhan / sumusuportang organisasyon at iba pa na tumutugon sa panibagong pamumuhay.
④ Pagpapalakas ng pagpapakalat ng impormasyon ukol sa medikal, suporta sa trabaho at iba pa sa iba't-ibang wika at "madaling maintindihan na wikang Hapon".
⑤ Pagsusulong sa paghahatid ng impormasyon ukol sa mga aktibidad ng suporta sa kapag kumalat ang impeksiyon.
⑥ Pagpapahusay ng sistema sa konsultasyong ibinibigay sa iba't-ibang wika sa pakikipagtulungan nang mga kaugnay na organisasyon.
⑦ Pagsuporta sa mga pagsusumikap sa pagkontrol ng nakakahawang sakit upang maipagpatuloy ang mga aktibidad sa edukasyon sa paaralan para sa mga dayuhan.
⑧ Pagsuporta sa mga pagsisikap na mapabuti ang kapaligirang tinutulutan ang remote classes na paaralan para sa mga dayuhan.

### 4 Paglikha ng Masiglang Komunidad kung saan Lahat ay Maaaring Lumahok

**(1) Pagsusulong ng mga Aktibidad sa Lokal na Komunidad na Maaaring Lumahok ang mga Dayuhang Residente.**

① Pagsusulong ng pagpapahusay ng mga sistema ng pamahalaan / internasyonal na mga asosasyon at komunidad ng mga dayuhan / sumusuportang organisasyon at iba pa.
② Paglikha ng mga oportunidad na mapakinggan ang mga opinyon mula sa komunidad ng mga dayuhan / sumusuportang organisasyon at iba pa.
③ Pagsuporta para mapalakas ang network ng komunidad ng mga dayuhan / sumusuportang organisasyon at iba pa na nagtataguyod sa pagbabahagi ng mga impormasyon.
④ Pagsuporta sa pagtataguyod ng pakikilahok sa mga exchanges events ng komunidad ng mga dayuhan / sumusuportang organisasyon at iba pa.
⑤ Pagsusuri ng posibilidad na makapagbigay ng serbisyo sa pamamagitan ng pagtutugma ng dayuhang residente ng Prepektura sa lokal na residente na maaaring maging taga-suporta.
⑥ Pagtatasa ng mga pagpupursige na maisulong ang pakikilahok sa aktibidad ng komunidad na isinasagawa ng mga modelong lugar na ibinabahagi ang impormasyon ukol dito sa ibang lugar.

**(2) Pagpapaunlad ng Human Resources upang Makahalubilo sa mga Aktibidad ng Pagtataguyod sa Multikulturalismo.**

① Pagsusulong sa pagpapaunlad ng human resouces na maaaring maging leader na susuporta sa mga dayuhang residente ng Prepektura sa pamamagitang ng mga pagsasanay at iba pa.
② Pagpapaunlad ng mga boluntaryong sumusuporta sa multikulturalismo sa lokal na antas.
③ Paghikayat sa mga CIR (Coordinators for International Relations) at mga ALTs (Assistant Language Teachers) na lumahok sa mga pagpupursigeng bumuo ng multikultural na komunidad.
④ Pagsuporta sa komunidad ng mga dayuhan at iba pa na nakikibahagi sa pagtataguyod ng multikulturalismo.